Mensahe Pito

Mga Sisidlan ng Awa sa Ikararangal at Ikaluluwalhati,
mga Butil ng Trigo, at mga Sanga ng Puno ng ubas

Babasahin sa Kasulatan: Roma 9:21, 23; Gawa 9:15; 2 Cor. 4:7;
Juan 12:24; 15:1, 4-5, 7

I. Ang mga mananampalataya kay Kristo ay mga sisidlan ng awa sa ikararangal at ikaluluwalhati; tayo ay mga lalagyan ni Kristo bilang awa, karangalan, at kaluwalhatian—Roma 9:21, 23:

A. Ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay ang gawin ang tao na Kanyang sisidlan, Kanyang lalagyang gawa sa luwad, upang magsilid at mapunuan ni Kristo bilang buhay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo bilang dakilang sama-samang sisidlan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Gen. 2:7; Gawa 9:15; Roma 9:21, 23; 2 Cor. 4:7; 2 Tim. 2:20-21; Mat. 25:2-4, 8-9; Zec. 4:11-14; cf. Apoc. 3:18.

B. Lahat ng labing-apat na Liham ni Pablo ay maibubuod sa dalawang salita—*bukás na sisidlan:*

1. Ang antas kung hanggang saan maipamamahagi ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa loob natin ay nakadepende sa antas ng ating pagiging bukás; ninanais lamang ng Diyos na ibigin natin Siya at panatilihing bukás ang ating sarili sa Kanya—2 Hari 4:1-7; Mat. 5:3; Juan 1:16; Isa. 57:15; 66:1-2.
2. Ang pagbaba ay nagsisimula sa pagiging kampante sa sarili; ang pagsulong ay nagsisimula sa pagkagutom at pagkauhaw—Deut. 4:25; Luc. 1:53; Fil. 1:25; Apoc. 3:16-18.

C. Tayo ay nilikha upang maging mga sisidlan ng awa upang isilid si Kristo bilang Diyos ng awa—Roma 9:11-13, 16, 20-21, 23; Panag. 3:21-23; Luc. 1:78-79:

1. Ang awa ng Diyos ang may pinakamalayong naaabot sa mga katangian ng Diyos, inililigtas tayo mula sa ating abang katayuan tungo sa kalagayang angkop para sa Kanyang pag-ibig at biyaya—Efe. 2:1-4; Heb. 4:16.
2. Dahil sa awa ng Diyos, tumugon tayo sa ebanghelyo nang ang iba ay hindi tumugon, tinanggap natin ang salita tungkol kay Kristo bilang buhay nang ang iba ay tumangging tanggapin ito, at tinahak natin ang daan ng pagbabawi ng Panginoon nang ang iba ay umatras mula sa pagtahak sa daang ito—*Mga Himno,* #296, saknong 3.
3. Ang *awa* ay tumutukoy sa panlabas na paggawa ng Diyos na inudyukan ng ating abang kalagayan; ang *habag* ay tumutukoy sa Kanyang panloob na pagmamahal na nagmumula sa Kanyang mapagmahal na esensiya—Roma 9:15; Mat. 9:36.
4. Kailangan nating kaugnayin ang Diyos bilang ang mahabaging Isa tuwing umaga nang sa gayon ay makapamuhay tayo sa realidad ng kaharian sa pagiging maawain sa iba at hindi hinahatulan ang iba—Panag. 3:21-23; Mat. 5:7; 7:1.

D. Tayo ay nilikha upang maging mga sisidlan ng karangalan upang isilid si Kristo bilang Diyos ng karangalan; ang mga sisidlan ng karangalan ay mga tagapagbakuna, yaong mga nagbabakuna sa iba laban sa pagbaba ng ekklesia—2 Tim. 2:20-22; Huk. 9:9; 1 Sam. 2:30:

1. Ang tagapagbakuna ay isang guro, isang mabuting tagapaghain ni Kristo Hesus, isa na pinakakain ng mga salita ng buhay at isa na nag-eensayo ng kanyang espiritu

upang ipamuhay si Kristo sa kanyang pang-araw-araw na buhay para sa buhay-ekklesia—2 Tim. 2:2; 1:13-14; 1 Tim. 4:6-7; 6:20.

2. Ang tagapagbakuna ay isang kawal, nakikipagdigma laban sa mga naiibang pagtuturo ng mga tumututol upang isagawa ang ekonomiya ng Diyos ayon sa ministeryo ng apostol at nakikipagbaka laban sa kamatayan, ang huling kaaway ng Diyos, sa pamamagitan ng pagiging puspos ng buhay upang maghari sa buhay—2 Tim. 2:3-4; 1 Tim. 1:18; Roma 8:6, 11; 5:17.
3. Ang tagapagbakuna ay isang atleta, ipinamumuhay ang normal na buhay-ekklesia sa pamamagitan ng pagtakas tungo kay Kristo bilang kanyang kanlungan at paghahabol kay Kristo bilang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan kasama ng yaong mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso—2 Tim. 2:5; Heb. 6:18-20; 2 Tim. 2:22.
4. Ang tagapagbakuna ay isang magsasaka, gumagawang kasama ng Diyos sa pamamagitan ng umaangkop sa lahat na buhay upang ihasik ang binhi ng buhay tungo sa loob ng mga tao at diligan sila ng Espiritu ng buhay sa pamamagitan ng Kanyang malulusog na salita—b. 6; 1 Cor. 3:6, 9; 2 Cor. 6:1a; Luc. 8:11; Juan 7:38; 6:63; 2 Cor. 3:6.
5. Ang tagapagbakuna ay isang manggagawa, ipinaliliwanag nang matuwid ang salita ng katotohanan, inilalahad ang salita ng Diyos sa iba't ibang bahagi nito nang tama at tuwid nang walang pagbabaluktot (gaya ng sa pagkakarpintero); may pangangailangan para sa salita ng katotohanan, na tamang nailahad, upang liwanagan ang mga taong nadidiliman, bakunahan laban sa lason, lulunin ang kamatayan, at ibalik ang mga nalihis na mananampalataya sa wastong landas—2 Tim. 2:15; cf. Gawa 26:18; Awit 119:130, 133.

E. Tayo ay mga sisidlan ng kaluwalhatian upang isilid si Kristo bilang Diyos ng kaluwalhatian:

1. Ang kaluwalhatian ay ang Diyos Mismo na nahayag at naipakita—Jer. 2:11; Gawa 7:2; Efe. 1:17; 1 Cor. 2:8; 1 Ped. 4:14; Col. 2:9.
2. Taglay natin ang kayamanang ito, si Kristo bilang Diyos ng kaluwalhatian, na naninirahan sa loob natin, ang mga sisidlang lupa (2 Cor. 4:7); "ang kayamanang ito" na naninirahan sa loob natin ay "ang mukha ni Hesu-Kristo" (b. 6), ang presensiya ni Kristo, "ang persona ni Kristo" (2:10).
3. Kapag ibinabaling natin ang ating puso sa Panginoon, tinitingnan natin ang Panginoong Espiritu bilang presensiya ni Kristo sa ating espiritu, at tayo ay "tinatransporma...mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu"—3:16-18.
4. Ang tingnan ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang makita natin mismo ang Panginoon; ang ibalik-sinag ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang sanhiin ang iba na makita Siya sa pamamagitan natin—Isa. 60:1, 5.

II. Ang mga mananampalataya kay Kristo ay mga butil ng trigo—Juan 12:24:

A. Ang maraming butil ng trigo na ibinunga sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo ay para sa pagbubuo ng isang tinapay—ang Katawan ni Kristo; ang mga butil ng trigo ay dinurog, sinamahan ng langis, niluto sa hurno, at pinaghalong magkakasama tungo sa isang tinapay, isinasagisag ng handog na pagkaing butil—1 Cor. 10:17; Lev. 2:4-5.

B. Bilang butil ng trigo na nahulog sa lupa, iwinala ng Panginoon ang Kanyang pangkaluluwang buhay sa pamamagitan ng kamatayan upang mapalaya Niya ang apoy ng Kanyang buhay na walang hanggan sa "maraming butil" sa pagkabuhay na muli; bilang maraming butil, dapat din nating iwala ang ating pangkaluluwang buhay sa pamamagitan ng kamatayan upang ating matamasa at mapalaya ang apoy ng buhay na walang hanggan sa iba sa pagkabuhay na muli—Juan 12:24-26; Luc. 12:49-50; 1 Cor. 15:31, 36; 2 Cor. 4:12.

C. Bilang mga butil ng trigo na nahulog sa lupa upang mamatay, ang ating panlabas na tao ay binabasag, inuubos, nang sa gayon ang ating panloob na tao ay mapabago araw kada araw—bb. 16, 10-11; Tito 3:5; Efe. 4:23; 5:26.

D. Ang isang Kristiyano na espiritwal para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo ay dapat "magbasa" ng tatlong bagay araw-araw—kailangan niyang basahin ang Biblia, kailangan niyang basahin ang kanyang panloob na pandama, at kailangan niyang basahin ang kanyang kapaligiran at mga sirkumstansiya, na siyang mga tao, mga bagay, at mga pangyayari sa paligid niya—Roma 8:6; cf. Kaw. 16:9.

E. Maaari tayong manalangin at umaasa na ang iba ay magbabago, ngunit lalo tayong nananalangin sa ganitong paraan, lalo tayong nagiging malinaw na walang magbabago; ito ang kapaligiran na ginawa ng Diyos upang sanhiin tayo na maiwangis sa larawan ng Anak ng Diyos at maipakita ang biyaya at kapangyarihan ng Diyos—Roma 8:28-29; cf. 6:3-4; 1 Hari 7:17, 20-22.

F. Dapat tayong makipagtulungan sa gumagawang Espiritu at tanggapin ang kapaligiran na isinaayos ng Diyos para sa atin—Fil. 4:12; Efe. 3:1; 4:1; 6:20; 1 Cor. 7:24.

G. Maaari tayong dumaing sa Diyos, subalit ang ating pagdaing ay maaaring ang pinakamainam na panalangin, ang pinakakaaya-ayang panalangin sa Diyos; habang tayo ay dumaraing, ang Diyos ay nagagalak sapagkat sinasanhi Niya ang lahat ng bagay na sama-samang gumawa para sa ikabubuti upang tayo ay maiwangis sa larawan ng Kanyang panganay na Anak—cf. Awit 102, pamagat.

III. Ang mga mananampalataya kay Kristo ay mga sanga ng puno ng ubas—Juan 15:1, 4-5:

A. Ang puno ng ubas, na siyang si Kristo, kasama ang mga sanga nito, na siyang mga mananampalataya ni Kristo, ay ang organismo ng Tres-unong Diyos sa ekonomiya ng Diyos upang lumago sa pamamagitan ng Kanyang kayamanan at upang ihayag ang Kanyang dibinong buhay—bb. 1-5.

B. Tayo ay wala, wala tayong anuman, at wala tayong magagawa hiwalay kay Kristo bilang puno ng ubas; kaya, kailangan nating manahan sa Kanya, manatili, mamalagi, at manirahan sa Kanya, hindi nabubuhay sa kung ano tayo o sa kung ano ang magagawa natin kundi sa pamamagitan ng buhay na walang kamatayan, na si Kristo Mismo—14:6a; 2 Cor. 5:4.

C. Ang manahan kay Kristo ay ang manahan sa Kanyang pag-ibig nang sa gayon ay maibig natin Siya at maibig ang isa't isa upang ihayag ang dibinong buhay sa pamumunga—Juan 15:9-10, 16-17:

1. "Isang bagong utos ang ibinibigay Ko sa inyo, na ibigin ninyo ang isa't isa, kung paanong inibig Ko kayo, ibigin ninyo ang isa't isa. Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng tao na kayo ay Aking mga disipulo, kung kayo ay may pag-ibig sa isa't isa"—13:34-35; cf. 1 Juan 4:18-19.

2. Kung iniibig natin ang Panginoon, tayo ay mapupunuan Niya, at anuman ang pumupuno sa atin sa panloob ay lalabas mula sa atin; ang pag-ibig sa Panginoon nang sukdulan ay nagpapaging-kuwalipikado, nagpapasakdal, at nagsasangkap sa atin na isalita ang Panginoon—Juan 21:15-17.

D. Ang manahan kay Kristo ay ang panatilihin ang ating sarili sa pakikipagsalamuha sa Kanya araw-araw at oras-oras, hindi hinahayaan ang anumang bagay na pumagitan sa atin at sa Kanya; ang buong buhay-ekklesia ay nakadepende sa dibinong salamuha, na siyang ang umiikot na Tres-unong Diyos na isinasagawa, pinadadaloy, ipinaaabot, pinadadala, inihahatid, at ipinamamahagi ang lahat ng kung ano Siya tungo sa loob natin para sa ating katamasahan—1 Juan 1:3; 2 Cor. 13:14.

E. Upang ang Panginoon ay makapanahan sa atin, kailangan nating hayaan ang Kanyang mga salita na manahan sa atin; kung mananahan tayo sa Kanyang nakasulat na salita sa pamamagitan ng paglapit sa Kanya para sa buhay, ang Kanyang mga kagyat na salita ay mananahan sa atin bilang espiritu at buhay—Juan 15:7; 5:39-40; 8:31; 6:63.

F. Bilang mga sanga ni Kristo, ang tunay na puno ng ubas, kailangan nating ipamuhay si Kristo, palaguin si Kristo, ihayag si Kristo, at ipalaganap si Kristo sa lahat ng aspekto; ito ang "lumakad…nang karapat-dapat sa Panginoon upang bigyang-lugod Siya sa lahat ng bagay, namumunga sa bawat mabuting gawa at lumalago sa pamamagitan ng lubos na pagkakilala sa Diyos"—Col. 1:10.

G. Ang pamumunga ay ang pag-apaw ng mga kayamanan ng panloob na buhay; mula sa kasaganaan ng panloob na buhay ay magkakaroon ng isang daloy na aabot sa iba, lumalagos tungo sa kanilang mga buhay, nang sa gayon ay maging nananatiling bunga sila para sa pagluluwalhati sa Ama—Juan 15:16.

© 2026 Living Stream Ministry